*** Complimentary copy

TOMO 11 BILANG 10 | ISSN NO. 2599-5405 | OKTOBRE 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kwentong Tagumpay Page 2

BUKAS para sa LAHAT CARD RBI Ito ang bangko natin. Page 3

FROM THE MARGINS
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus
Page 4



## CARD MBA, TUMANGGAP NG 2-GOLDEN ARROW AWARD SA 2024 GOLDEN ARROW RECOGNITION

ni Harlene Joy Reyes




Tinanggap ni CARD MBA Chief Executive Officer Jocelyn D. Dequito ang prestihiyosong 2-Golden Arrow Award sa 2024 Golden Arrow Recognition na ginanap sa Manila Marriott Hotel, Pasay City. Ang parangal ay patunay ng kahusayan ng CARD MBA sa pagpapatupad ng mahusay na corporate governance.

Kinilala ang CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) bilang isa sa mga *Champions of Corporate Governance*, na tumanggap ng Award sa Manila Marriott Hotel, Pasay City noong Setyembre 29, 2024.

Ang parangal na ito ay ibinibigay sa mga kumpanya na nakakuha ng mataas na iskor sa ASEAN Corporate Governance Scorecard (ACGS) at Corporate Governance Scorecard (CGS) *Assessments*, at nangangailangang hindi bababa sa 80 puntos. Sinusukat nito ang pagsunod ng mga kumpanya sa mga karapatan ng mga *shareholder*, pakikipag-ugnayan sa mga *stakeholder*, at pagbibigay ng malinaw na impormasyon.

"Ang tagumpay na ito ay higit pa sa isang parangal; ito ay bunga ng inspirasyong hatid ng bawat miyembro ng CARD MBA. Ipinapakita nito ang ating malasakit at responsibilidad sa bawat pamilyang ating tinutulungan," pahayag ni CARD MBA Chief Executive Officer Jocelyn D. Dequito.

Ang *Golden Arrow Award* ay bahagi ng inisyatibo ng Institute of Corporate Directors (ICD) na naglalayong suriin at itaas ang pamantayan ng pamumuno sa mga organisasyon, kabilang ang pagbibigay ng bukas na impormasyon, pagbuo ng matatag na ugnayan sa mga *stakeholder*, at pagprotekta sa mga karapatan ng mga *shareholder*.

Bilang *insurance arm* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), nag-aalok ang CARD MBA ng mga benepisyo tulad ng pensyon, *death benefits*, at tulong medikal.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang opisyal na *Facebook page* @CARDMBAOfficial at *website* https://cardmba.com/.

## KAUNLARAN CARAVAN NG CARD MRI, ISINAGAWA SA SARIAYA, QUEZON

ni Edrian Banania at Arjay Dequito



*Kasama ang iba pang mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI, isinagawa ng CARD MBA ang Kaunlaran Caravan sa covered court ng Barangay Poblacion 6 sa Sariaya, Quezon, upang maghatid ng mga programang naglalayong itaguyod ang pag-unlad ng komunidad.*

Isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang Kaunlaran Caravan sa pangunguna ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), Inc. sa Sariaya, Quezon noong Setyembre 20, 2024.

Ang programang ito ay naglalayong maghatid ng mga serbisyong P2

## PAGSULONG SA KAHALAGAHAN NG PAGBABASA: KOA KAFE, ISINAGAWA SA VALENCIA, NEGROS ORIENTAL

ni Harlene Joy Reyes



*Nakatanggap ang 21 mga bata mula sa CARD, Inc. (itaas na larawan) at 18 mga bata mula sa CARD RBI Valencia (ibabang larawan) ng Koa Kit na naglalaman ng notebook, lapis, krayola, pambura, at ang storybook na "Ang Lapis ni Anya." Kasama rin sa kit ang Koa Coin Bank, isang alkansya na gawa sa recycled na dyaryo gamit ang paper mache, na ginawa ng mga kawani ng CARD MRI bilang bahagi ng kanilang mga sustainability initiatives.*

Isinagawa ng CARD MRI Publishing House, Inc. ang Koa Kafe, isang *pop-up event* na nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagbabasa para sa mga bata at matatanda, noong Setyembre 19-20, 2024 sa Valencia, Negros Oriental. P2

### KOA-PINYON:

Isang karangalan ang makatanggap ng parangal mula sa ASEAN Corporate Governance Scorecard (ACGS) 2024 Golden Arrow Awards bilang pagkilala sa ating patuloy na pagbibigay ng mataas na antas ng serbisyo at pagpapahalaga sa mga kliyente na ating tinutulungan.



## KAUNLARAN CARAVAN NG ... P1

pangkabuhayan, pangkalusugan, *financial literacy*, at iba pang mga inisyatibo upang makatulong sa pagpapaunlad ng komunidad.

Naghatid ang Kaunlaran Caravan ng iba't ibang serbisyo para sa kalusugan, kabilang ang libreng konsultasyon para sa mata, ngipin, at iba pang nararamdamang sakit. Nagbigay din ito ng impormasyon tungkol sa mga produkto ng *microinsurance* at ang mga hakbang sa pag-avail nito. Kasama rin sa mga aktibidad ang *feeding program, pre-registration* para sa *mass wedding*, at mga sesyon ng *livelihood training*. Bukod dito, nakatanggap ang mga dumalo ng libreng gupit, *manicure, pedicure,* at masahe.

Samantala, mahigit 30 mga bata ang dumalo sa mga sesyon ng *financial literacy* na pinangunahan ng CARD MRI Publishing House, Inc. Sa pamamagitan ng *storytelling*, itinampok ang *storybook* na 'Ang Alkansya ni Carding,' na nagtuturo ng kahalagahan ng pag-iimpok. Aktibo ring nakilahok ang mga bata sa *Koa coin bank painting session* bilang bahagi ng *sustainability initiatives* ng CARD MRI. Nakatanggap ang bawat isa sa kanila ng *Koa school supplies, storybook,* at *Koa coin bank*.

Bilang bahagi ng programa, ipinakilala ni Ms. Marissa De Mesa, Executive Vice President ng CARD MRI, ang PADAYON MICROFINANCE, Inc. Ito ay isang bagong institusyon sa ilalim ng CARD MRI na naglalayong tumulong sa mga batang negosyante at estudyante sa pamamagitan ng mga *loan products* para sa negosyo at edukasyon.

May kabuuang 1,074 residente ng Sariaya, Quezon ang natulungan ng programang ito. Tampok din sa kaganapan ang mga produkto mula sa Mga Likha ni Inay, mga abot-kayang gamot mula sa BotiCARD, at mga produkto ng *microinsurance* at *savings* mula sa CARD MRI.

Ipinahayag ni Jocelyn Dequito, Chief Executive Officer (CEO) ng CARD MBA, ang layunin ng Kaunlaran Caravan na maghatid ng serbisyong tutugon sa mga pangangailangan ng tao at komunidad, na naglalayong magdulot ng positibong pagbabago sa kanilang buhay. "Sa programang ito, nais ng CARD MRI na maabot ang mas maraming komunidad sa pamamagitan ng mga produktong nagbibigay ng pag-asa at mga serbisyong tumutulong sa bawat pamilya na umangat ang antas ng pamumuhay. Ang ating layunin ay hindi lamang solusyonan ang kasalukuyan, kundi lumikha ng mas maliwanag na kinabukasan para sa lahat," aniya.

Ang CARD MBA ay isang *non-stock* at *non-profit* na *mutual benefit association* na nagbibigay ng mga *microinsurance products* para sa mga miyembro ng asosasyon at kanilang mga pamilya.

Nakatakdang isagawa ng CARD MRI ang mas maraming pang Kaunlaran Caravan upang patuloy na maghatid ng suporta at serbisyo sa mga komunidad. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na *Facebook page* ng CARD MRI sa @CARDMRIOfficial.

## PAGSULONG SA KAHALAGAHAN ... P1

Ang Koa Kafe ay hango mula sa maskot ng CARD Publishing na si 'Koa the Kwago,' na inspirasyon ang *Philippine Eagle Owl*. Kilala ang kwago sa karunungan at malalim na pag-unawa, mga katangiang isinusulong ng CARD MRI Publishing House at sumasalamin sa determinasyon ng CARD MRI na patuloy na maglingkod sa mga miyembro nito sa kabila ng mga pagsubok.

"Gaya ng mga pahina ng aklat, bawat isa sa atin ay may kwento ng mga pangarap, pagsubok, at tagumpay. Hayaan nating maging inspirasyon ang mga kwentong ito at ang mga aral na natutuhan natin mula sa mga hamon. Sa pamamagitan ng pagbabasa, nagiging gabay natin ang karanasan ng iba, at sa bawat bagong kaalaman, lalo tayong lumalakas sa pagtahak sa magandang kinabukasan," ani CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila.

May kabuuang 39 mga bata ang dumalo sa isang *storytelling activity* na isinagawa sa dalawang *unit* sa Valencia mula sa CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) at CARD, Inc. (A Microfinance NGO). Masiglang nakinig ang mga bata sa kwento at nakilahok sa *coloring activity,* tampok ang "Ang Lapis ni Anya" storybook, isang kwentong nagbibigay-diin sa tamang paggamit ng mga *gadget* para sa mga bata.

Dahil sa kanilang aktibong pakikilahok, nakatanggap ang mga bata ng *Koa Kit* na naglalaman ng *notebook*, lapis, krayola, pambura, at "Ang Lapis ni Anya" *storybook*. Kabilang din sa *kit* ang *Koa Coin Bank,* isang alkansya na gawa sa lumang dyaryo at *paper mache activity,* na ginawa ng mga kawani ng CARD MRI bilang bahagi ng kanilang *sustainability initiatives*.

Samantala, dinaluhan ng 69 na kliyente ng CARD MRI ang *Koa Kafe* na ginanap sa CARD RBI sa Valencia. Ang mga nanay ay masiglang nakilahok sa mga palaro at aktibidad na inihanda ng CARD Publishing. Masaya rin nilang binasa ang Sulong, ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI, habang nag-eenjoy sa libreng kape, *calamansi juice*, at *indomie* mula sa Mga Likha ni Inay. Kasabay nito, nakatanggap din ang mga nanay ng '*History of San Pablo*', isa sa mga publikasyon ng CARD MRI. Bilang karagdagan, binigyan din sila ng *Indomie* na kanilang inuwi sa kanilang mga bahay.

"Sa pamamagitan ng *Koa Kafe*, layunin naming ipakalat ang kahalagahan ng pagbabasa sa iba't ibang panig ng bansa. Ang inisyatibong ito ay nagdadala ng kaalaman, pag-asa, saya, at natatanging karanasan para sa ating mga kliyente at kanilang mga anak," pagbabahagi ni Manila.

Ang CARD MRI Publishing House ay ang *communication arm* ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Layunin nitong maghatid ng mga makabago at positibong kwento sa komunidad upang maging mulat sila sa mga kasalukuyang kaganapan sa loob at labas ng CARD MRI, at matulungan silang umunlad.

Para sa karagdagang impormasyon at upang malaman kung saan isasagawa ang susunod na *Koa Kafe*, maaaring bisitahin ang *Facebook page* ng CARD Publishing sa @PublishingHouseInc o ang kanilang opisyal na *website* sa @https://www.cardmri.com/publishinghouse/.

# KWENTONG TAGUMPAY

## TAGUMPAY NA NAGDADALA NG PAG-ASA SA IBA

*ni Mary Rose Javier*



*Mula sa kanyang simpleng simula, nagtagumpay si Clarissa Ditchoso sa larangan ng pananahi at naging inspirasyon sa iba. Sa pag-usbong ng kanyang negosyo, umunlad din ang kanyang mga tinuruan, at ngayon ay may sarili na rin silang mga negosyo.*

Ang pagbibigay-inspirasyon sa iba ay isang tagumpay na nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa tunay na pag-unlad ng buhay.

Para kay Clarissa Ditchoso, ang tunay na tagumpay ay hindi lamang nasusukat sa personal na mga narating kundi sa kakayahang magbigay ng pag-asa at positibong pagbabago sa buhay ng iba sa pamamagitan ng kanyang mga kaalaman at kasanayan.

Mula sa Zambales, pitong taong gulang si Clarissa nang lumipat ang kanyang pamilya sa Pililla, Rizal. Doon siya nagtapos ng pag-aaral, nag-asawa, at bumuo ng sariling pamilya.

Bata pa lang, may likas nang interes si Clarissa sa pananahi. Kaya naman nang magkaroon ng oportunidad sa kanilang bayan para sa libreng pagsasanay tungkol dito, hindi siya nag-atubiling sumali rito. Pinahusay pa niya ang kanyang mga kaalaman at kakayahan sa pamamagitan ng pag-aaral ng *electronics* at pananahi.

Gamit ang kanyang natutuhan, naging *subcontractor* si Clarissa sa isang lokal na pagawaan ng damit. Bagamat maliit ang kanyang kita, ito ay naging *sideline* at libangan niya bago siya mag-asawa at maging kliyente ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI)—isang *microfinance-oriented rural bank* na nagbibigay ng pinansyal na tulong sa mga nagnanais maging negosyante.

"Natuklasan ko ang tungkol sa CARD RBI noong 2013 mula sa aking mga kapitbahay na nagdaos ng *center meeting* malapit sa amin. Hinikayat nila akong sumali sa bangko," ani Clarissa. "Hindi lamang ako naging kliyente; agad din akong pinili na maging *center chief* ng aming grupo."

Sa kanyang pagnanais na magsimula ng sariling negosyo sa pagtatahi, nag-aplay siya ng *loan* sa CARD RBI. Sa paunang *loan* na PHP 5,000.00, bumili siya ng isang makina sa pagtatahi at agad na nagdagdag ng isa pang makina.

Ginamit ni Clarissa ang mga makinang ito upang matupad ang kanyang pangarap na mabigyan ng mas magandang buhay ang kanyang anak. Dagdag pa rito, ibinahagi niya ang kanyang kaalaman sa pananahi sa mga ina sa kanilang komunidad na nagnanain ding matuto. Sa kanyang malasakit at kabutihan, nagbukas ang mas maraming oportunidad para sa kanya at sa iba.

"Para makapagbigay ako ng mas makabuluhang oras sa mga ina sa aming lugar, hinikayat ko silang matutong manahi at tinulungan ko rin silang sumali sa CARD RBI upang makabili ng mga makina at makapagsimula ng sariling negosyo," ani Clarissa.

Upang matiyak na makabayad ng *loan* ang kanyang mga kasama, nagtatag si Clarissa ng sistema sa kanyang *center* kung saan kailangang ihatid ng mga kapwa nya kliyente ang kanilang natapos na produkto sa mga *customer* isang araw bago ang lingguhang meeting. Sa kanyang pamumuno, nagbigay siya ng trabaho at pagkakataon sa iba.

Upang lalo pang mapalago ang kanyang negosyo, nag-aplay siya ng panibagong *loan* mula sa CARD RBI para makabili ng *printing machine*. Sa tulong nito, nagkaroon sila ng kakayahang tumanggap ng mas maraming *order*, kabilang ang iba't ibang klase ng *jersey* na may makulay at pasadyang disenyo, na nagtaas ng kalidad ng kanilang produkto at serbisyo.

Mula sa kanyang simpleng pagsisimula bilang *subcontractor* sa isang pagawaan ng damit, si Clarissa ay naging lider ng isang grupo ng mga kababaihang mananahi. Sa kanyang paggabay, siya ay naging instrumento sa paghubog ng kanilang kakayahan at pagbibigay-inspirasyon upang sundan ang kanilang mga pangarap. Dahil sa kanyang suporta, marami sa kanila ang nagkaroon ng lakas ng loob na magtayo ng sariling negosyo.

Binigyang-diin ni Clarissa ang mahalagang papel ng CARD MRI sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga kababaihan. "Sa tulong ng CARD RBI, nagkaroon kami ng pagkakataong makabili ng mga makina para sa pananahi na nagdulot ng malaking pagbabago sa aming buhay. Ngayon, hindi lang kami ang umuunlad—karamihan sa mga kliyente sa aming *center* ay matagumpay na may sariling negosyo," aniya.

# BUKAS para sa LAHAT

## BOTICARD, NAGBUKAS NG BAGONG BOTIKA SA STA. CRUZ, LAGUNA

*ni Harlene Joy Reyes*

Bilang bahagi ng misyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na maghatid ng dekalidad at abot-kayang mga produktong pangkalusugan, nagbukas ang BotiCARD ng bagong botika sa Sta. Cruz, Laguna noong Setyembre 18, 2024.

Ang BotiCARD ay isang institusyon ng CARD MRI na may layuning puksain ang kahirapan at paunlarin ang pamumuhay ng mga pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng askes sa mga abot-kayang gamot at iba pang mga serbisyong pangkalusugan. Bilang bahagi ng pagbubukas nito, nag-alok ang BotiCARD ng libreng *medical check-up*, masahe, at *tooth extraction*. Bukod dito, nagbigay sila ng 28% diskwento sa piling mga gamot para sa mga dumalo.

Matatagpuan ang bagong sangay ng BotiCARD sa A. Regidor St., Barangay V, Sta. Cruz, Laguna. Dito, magkakaroon ng buwanang libreng konsultasyon sa kalusugan para sa lahat. Simula Hulyo 2024, mayroon nang 22 sangay ang BotiCARD Inc., na nagsisilbi sa mahigit 2 milyong kliyente sa buong bansa.

## DALAWANG BAGONG SANGAY NG CARD INDOGROSIR, BINUKSAN SA QUEZON

*ni Harlene Joy Reyes*

Nagbukas ang CARD Indogrosir ng dalawang bagong sangay sa lalawigan ng Quezon, sa Lopez at Catanauan, noong Setyembre 19 at 27, 2024.

Layunin ng CARD Indogrosir na magbigay ng abot-kaya at dekalidad na mga produkto sa publiko, lalo na sa mga kliyente ng CARD MRI na may negosyong sari-sari *store*. Sa pagtutulungan ng CARD MRI at Salim Group of Indonesia, layunin nitong tulungan ang mga may-ari ng mga sari-sari *store* na makipagsabayan sa kompetisyon sa industriya sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng akses sa mga murang produkto.

Matatagpuan ang dalawang bagong sangay ng CARD Indogrosir sa Lopez sa Maharlika Hi-Way, Peninsula Subdivision, Barangay Bebito, 4316 Lopez, Quezon, at sa Catanauan naman sa Sitio Bagong Look, Barangay Madulao, 4311 Catanauan, Quezon.

## PAGPAPALAWAK NG SERBISYO NG MICROINSURANCE: CARD MBA, NAGBUKAS NG IKA-94 PROVINCIAL OFFICE SA SURIGAO DEL SUR

*ni Harlene Joy Reyes*

Binuksan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang ika-94 nitong *provincial office* sa Surigao Del Sur noong Setyembre 2, 2024. Layunin nitong mas palawakin pa ang serbisyo ng *microinsurance* para sa mga miyembro at kanilang pamilya.

Tinitiyak ng CARD MBA ang kapakanan ng mga kababaihang nasa laylayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal tulad ng *death benefits, medical subsidy, pension*, at *loan redemption packages*. Aktibo rin nitong isinasama ang mga miyembro sa pamamahala ng asosasyon, pati na sa pagbuo at pagpapatupad ng mga patakaran para sa mas mahusay na serbisyo. Kabilang sa mga programa nito ang *Basic Life Insurance, Retirement Fund, LRF-Plus, Golden Life Insurance, Community Development, Mass Wedding, CARD MRI Disaster Relief Assistance Program* (CDRAP), at iba pang mga proyektong pangkomunidad.

Matatagpuan ang bagong sangay sa 41 Pascual & Quinones St., Purok Venus, Telaje, Tandag City, Surigao del Sur. Magsisilbi ito sa mga kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) mula sa Mindanao 9 Region at CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) upang tugunan ang kanilang mga pangangailangan sa *insurance*. Inaasahan ang Surigao del Sur Provincial Office ay magsisilbi sa kabuuang 59,567 miyembro.

# ANNIVERSERBISYO

PAGGUNITA AT PASASALAMAT

## CARD RBI, IPINAGDIWANG ANG IKA-12 TAON NG SERBISYO SA KOMUNIDAD


*ni Harlene Joy Reyes*

CARD RBI A Microfinance-Oriented Rural Bank

Ipinagdiwang ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI) ang ika-12 taon nitong paglilingkod sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa mga serbisyong pampinansyal para sa kanilang mga kliyente noong Oktubre 11, 2024.

Ang CARD RBI ay isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Layunin nitong tulungan ang mga kababaihan at pamilyang nahaharap sa mga hamon sa buhay sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na akses sa mga serbisyong pampinansyal, *microinsurance*, edukasyon, kabuhayan, at kalusugan. Itinuturing ng CARD RBI na ang pag-unlad ng pamumuhay ng kanilang mga kliyente ay isa sa pinakamahalagang tagumpay ng institusyon. Ang mga kwento ng pagbabago sa buhay ng kanilang mga kliyente ay nagbibigay-inspirasyon sa CARD RBI upang patuloy na labanan ang kahirapan.

Simula Agosto 2024, umabot na sa 797,038 ang kabuuang bilang ng mga kliyenteng pinaglilingkuran ng CARD RBI, na may higit sa 5.02 bilyong pisong *outstanding loan*. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang opisyal na *website* sa https://www.cardmri.com/rbi/ o i-follow ang kanilang *Facebook page* sa @CMRBofficial.



SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Mary Rose A. Javier
Writers

Arjay Dequito
Contributor




# KWENTUNAY

## Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay



### TSINELAS GAWA SA WATER LILY: MATUTUNAN ANG SINING KAY NANAY BUENA AT NANAY WENG!

Sina Buena Barering at Rowena Jordas, parehong kliyente ng CARD SME Bank, Inc., ay nagtagpo sa isang *livelihood program* na naglalayong tulungan ang mga kababaihan na nais magkaroon ng sariling negosyo. Si Nanay Buena ay mahusay na noon pa sa paggawa ng mga produkto mula sa *water lily,* na kanyang natutunan mula sa kanyang ina sa Aklan, habang mahusay naman si Nanay Weng sa pagdidisenyo. Pinagsama nila ang kanilang galing sa *handicraft* at pagdidisenyo, na naging simula ng kanilang matagumpay na kolaborasyon sa paggawa ng magagandang produkto mula sa *water lily* na tinawag nilang "The Buenas" na hango sa kanilang mga pangalan.

Dahil sa kanilang husay at magandang kalidad ng kanilang mga likha, naiimbitahan sila sa mga *trade fair* at iba't ibang lugar. Ngayon, bukod sa paggawa ng dekalidad na mga produkto mula sa *water lily,* tumutulong din sila sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho sa mga kababaihan. Ang kanilang mga produkto ay umaabot na rin sa ibang bansa, partikular na sa mga balikbayan na naghahanap ng mga natatanging regalo para sa mga kaibigan at kamag-anak sa ibang bayan.

Narito ang gabay sa paghahabi ng tsinelas mula sa *water lily* ayon kila Nanay Buena at Nanay Weng:

**Mga materyales na kailangan:**

- *Water Lily*
- Goma
- Gunting
- Tali o Sinulid
- *Treatment* o *Varnish*

**Proseso ng paggawa:**

1. Mag-ani ng *water lily* mula sa lawa. Siguraduhing pumili ng malusog at sariwang dahon.
2. Ilagay ang inaning *water lily* sa isang tuyo at maaraw na lugar. Ang pagpapatuyo ang pinakamahabang bahagi ng proseso at tumatagal ng isang linggo. Siguraduhing tuyo ang mga dahon bago magpatuloy.
3. Kapag tuyo na ang *water lily,* simulan ang pagtitirintas. Gupitin ang mga dahon sa tamang sukat at pagsamahin ang mga ito upang makabuo ng *base* para sa tsinelas.
4. Ipagtagpi ang mga piraso sa pamamagitan ng pag-ikot ng isang piraso sa paligid ng isa at pabalik. Ulitin ito upang makabuo ng mas matibay na tirintas. Iwasang pahabain ang mga hibla habang nagtitirintas.
5. Maghanda ng 100 metro ng tinirintas na *water lily.* Kapag natapos na ang pagtitirintas, ididikit ito sa goma upang makabuo ng matibay na *base.*
6. Itahi ang *water lily* sa goma. Ang pagtatahi ay makatutulong upang mas mapanatili ang tibay ng tsinelas. Siguraduhing maayos ang pagkakatahi upang hindi ito madaling masira.
7. Magtabas ng swelas mula sa goma at kabitan ito ng entrada. Siguraduhing tama ang sukat upang maging komportable at matibay.
8. Lagyan ng *treatment* o *varnish* ang tsinelas upang mas mapatibay ito at pahabain ang buhay ng produkto.

**Tip ni Nanay Buena at Nanay Weng:** Maaaring pagandahin o lagyan ng *personal touch* ang iyong tsinelas gamit ang makukulay na *beads*! Ang mga dagdag na kulay at detalye ay nagbibigay ng personal na estilo at saya sa bawat hakbang!

# CROSSWORD PUZZLE


Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 10 at manalo ng PhP 100.00 load via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc,** kasama ng inyong buong pangalan, pangalan ng CARD center (kung mayroon), CARD institution, at cellphone number.

Pipili tayo via e-raffle ng sampung (10) entries na may tamang sagot hanggang **Nobyembre 29, 2024** at sila ang makatatanggap ng papremyo.

Sali na!



**Pababa:**

1. Ang _________ ay bahagi ng inisyatibo ng Institute of Corporate Directors (ICD) na naglalayong suriin at itaas ang pamantayan ng pamumuno sa mga organisasyon, kabilang ang pagbibigay ng bukas na impormasyon, pagbuo ng matatag na ugnayan sa mga stakeholder, at pagprotekta sa mga karapatan ng mga shareholder.
3. Anong institusyon ng CARD MRI ang nagbukas ng bagong botika nito sa Sta. Cruz, Laguna noong Setyembre 18, 2024.
4. Sa anong materyales gawa ang tsinelas na ginagawa at ibinebenta ni Buena at Weng?
6. Ito ay isang microfinance-oriented rural bank sa ilalim ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na nagdiwang ng ika-12 taon sa pagbibigay ng akses sa mga serbisyong pampinansyal para sa mga kliyente nito noong Oktubre 11, 2024.
8. Mula sa kanyang simpleng simula, nagtagumpay si Clarissa Ditchoso sa larangan ng _________ at naging inspirasyon sa iba. Sa pag-usbong ng kanyang negosyo, umunlad rin ang mga ina na kanyang tinuruan, at ngayon ay may sarili na silang mga negosyo.

**Pahalang:**

2. Saang lugar binuksan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang ika-94 nitong provincial office nito noong Setyembre 2, 2024?
5. Nagbukas ang CARD Indogrosir ng dalawang bagong sangay sa lalawigan ng _________, sa Lopez at Catanauan, noong Setyembre 19 at 27, 2024.
7. Isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang ___________________ sa pangunguna ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), Inc. sa Sariaya, Quezon noong Setyembre 20, 2024.
9. Ito ay isang pop-up event na nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagbabasa para sa mga bata at matatanda. Ito rin ay hango mula sa maskot ng CARD Publishing na si 'Koa the Kwago,' na inspirasyon ang Philippine Eagle Owl.

# SULONG COMICS

